4

# Modelong Banghay Aralin sa Filipino

Kuwarter 3
Aralin
7

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 4**
**Kuwarter 3: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**:

- Lilybeth C. Agno (Mariano Marcos State University)

**Tagasuri**:

- Jasper P. Lomtong (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**FILIPINO/ KUWARTER 3/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (paglalahad muli (recount) ng talambuhay (biography) ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng salaysay ng karanasang lokal o rehiyonal at tungkol sa sarili (talambuhay ng sarili o autobiography). |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan sa Pakikinig at Pagbasa (Mga Kasanayang Pagtanggap)**<br>• Nakatutugon nang mahusay sa tahimik na pagbasa.<br>• Nauunawaan ang tekstong naratibo (kuwentong kababalaghan).<br>a. Natutukoy ang nagsasalita/nagsasalaysay.<br>b. Nahihinuha ang susunod na pangyayari.<br>c. Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa pangyayari.<br>d. Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan.<br>e. Nasusuri ang layon ng teksto (magsalaysay).<br>• Natutukoy ang mahahalagang pangyayari sa bawat bahagi ng kuwento<br>a. Natutukoy ang mga bahagi ng teksto (simula, gitna, wakas).<br>b. Natutukoy ang magkakaugnay na pangyayari sa simula, gitna, at wakas ng kuwento.<br>• Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan.<br><br>**Mga Kasanayan sa Pagsasalita at Pagsulat (Mga Kasanayang Produktibo)**<br>• Nagagamit ang mga bahagi ng pananalita sa pagpapahayag:<br>✓ Pang-abay na Panggaano<br>• Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskursong nagsasalaysay.<br>• Nakabubuo ng mga pahayag ginagamitan ng mga pang-abay na panggaano.<br>• Nakabubuo ng teksto may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya.<br>• Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskursong nagsasalaysay.<br>• Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya (mga hudyat ng pagkasunod-sunod sa tekstong pasalaysay). |

| | |
|---|---|
| | **Mga Kasanayan sa Panonood at Presentasyon**<br>• Nailalarawan ang ipinahihiwatig na kahulugan ng mga elementong biswal (linya, hugis, kulay, espasyo, pag-aanyo) at direksyon (directionary) na nasa tekstong namasid o napanood. |
| **D. Nilalaman** | • **AKDANG NARATIBO:**<br>Kuwentong Kababalaghan<br><br>• **MGA KAUGNAY NA PAKSA:**<br>a. WIKA: Pang-abay na Panggaano<br>• Pagbuo ng Tekstong Pasalaysay<br>b. TEKSTONG BISWAL:<br>• teksto, *memes, logo, icons, barcode, QR Code, cartooning,* atbp. |
| **E. Integrasyon** | Pagpapahalagang Kultural (Mga Paniniwala) |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Agno, L. C. *Nagmulto Nga Ba Si Mang Rizal?* (Di Nailathalang Kuwento). https://drive.google.com/drive/folders/1UIswb0m1E-_vGBkHLusjjHBjdsxSCm95?usp=drive_link

Agno, L. C. *Tatlong Gabi Pagkatapos ng Libing ni Mang Rizal* (Di Nailathalang Kuwento). https://drive.google.com/drive/folders/1UIswb0m1E-_vGBkHLusjjHBjdsxSCm95?usp=drive_link

Badayos, P. B. (1999). *Metodolohiya sa Pagtuturo ng wika. Mga teorya, simulain, at istratehiya*. Makati City: Grandwater Publications and Research Corp.

Bayanihan e-Skuwela. Epektibong pagkukuwento. https://youtu.be/TGvnSwyZArg

*Curriculum Guide for the MATATAG Curriculum*

DepEd (2012). *DepEd Order No. 73, s. 2012. Guidelines on the assessment and rating of learning 0utcomes under the K to 12 Basic Education Curriculum*

DepEd Order No 42, s. 2016. *Lesson preparation for the K to 12 Basic Education Program*

Paz, M. at Belvez, Ed. D. (2003). *PAMANA: Sining ng pagkukuwento at pagbigkas ng tula*. Rex Book Store

Philippines Mythology. https://www.facebook.com/PHmythology)

Rubin, L. T. At Evasco, E. Y. (2001). *Ang sining ng tula at maikling kuwentong pambata*. Rex Book Store.

Santiago, A. O. at Norma G. T. (2003). *Makabagong balarilang Filipino*. Rex Bookstore, Inc

Villanueva, V. M. (2018). *Ako Bibo Kase Dapat. #ABKD. Alpabeto ng inobatibo at makabagong guro sa Agham Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* VMV Publishing House.

| III. | III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | (see below) | (see below) |



**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**UNANG ARAW**

**1. Maikling Balik-aral**

**Pagtatambal**

Ipaskil ang larawan ng mga kakaibang nilalang na nasa mga kuwentong kababalaghan kagaya ng sumusunod:

| | | | |
|---|---|---|---|
|  | Kinuha mula sa: https://www.facebook.com/photo/?fbid=2666797610221660&set=a.2568277190073703 |  | Kinuha mula sa: https://www.facebook.com/photo/?fbid=2664536320447789&set=a.2568277190073703 |
|  | Kinuha mula sa: https://www.facebook.com/photo/?fbid=1625685724332859&set=a.1468721936695906 |  | Kinuha mula sa: https://shorturl.at/iGX39 |
|  | Kinuha mula sa: https://www.facebook.com/photo/?fbid=2663227413912013&set=a.2568277190073703 |  | Kinuha mula sa: https://rb.gy/alvekb |
|  | Kinuha mula sa: https://rb.gy/pbxtk2 |  | Kinuha mula sa: https://rb.gy/lqq507 |
|  | Kinuha mula sa: https://rb.gy/epkjdj |  | Kinuha mula sa: https://rb.gy/6cqtqg |

**MGA TALA SA GURO**

**Mga Tamang Sagot:**

- ✓ tiyanak
- ✓ tikbalang
- ✓ sanselmo
- ✓ kumakatok
- ✓ kapre
- ✓ nuno
- ✓ manananggal
- ✓ babaylan
- ✓ aswang
- ✓ aghoy

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Ipakilala ang tinutukoy sa bawat pahayag sa pamamagitan ng pagkuha sa angkop na larawan.
<ol>
<li>Isang nilalang na gumagaya sa anyo ng isang bata; karaniwang ginagaya ang isang bagong silang na sanggol at umiiyak katulad nito upang mahikayat ang mga walang kamalay-malay na tao.</li>
<li>Mayroong katawan ng isang tao subalit may mga paa ng isang kabayo; batay sa paniniwala, kayang iligaw ang landas ng mga tao, lalo na kung sila ay nasa kagubatan at mga bundok.</li>
<li>Pinaikling tawag na “Apoy ni San Elmo”; parang bulang nag-aapoy na kayang iligaw ang mga taong nakakakita nito.</li>
<li>Pinaniniwalaang kumakatok sa mga pintuan sa kalagitnaan ng gabi at nagdadala ng kamalasan.</li>
<li>Isang higanteng nasa puno, may taas na pito hanggang siyam na talampakan, maitim, mabalahibo, at maskulado. sinasabing mayroong napakatapang na amoy at nakaupo sa mga sanga ng puno upang magtabako.</li>
<li>Maliit na nilalang na nagdudulot ng magandang kapalaran o kamalasan sa isang tao; maaaring nakatira sa mga lupa o tinatawag na punso.</li>
<li>May kakayahang hatiin ang kaniyang katawan at lumipad tuwing gabi.</li>
<li>Isang taong may kakayahang gumamot sa mga nagkakasakit dahil sa kagagawan ng mga kakaibang nilalang.</li>
<li>Pinaniniwalaang kumakain ng tao o ng ibang mga hayop. Kaya nitong mag-ibang-anyo.</li>
<li>Magaling daw maghanap ng mga nawawalang mga gamit.</li>
</ol>
</td>
<td>Magbigay ng pidbak sa sagot ng mga mag-aaral tungkol gagawin nilang pagsasalaysay sa mga nasaliksik nilang kuwentong kababalaghan. Bigyang-diin ang mga gagamitin nilang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>
A-G-N Tsart. Ipagpatuloy ang paglalagay ng mga impormasyon sa A-G-N Tsart na sinimulang gawin ng mga bata sa nagdaang linggo (Aralin 6). Ang huling hanay ay dadagdagan ng mga bata sa huling araw ng linggong ito (Aralin 7).<br><br>
Halimbawa:
<table>
<tr><th>A-ALAM KO</th><th>G-GUSTO KONG MALAMAN</th><th>N-NALAMAN KO</th></tr>
<tr><td>Bahagi ng buhay ng mga Pilipino ang mga paniniwala.<br><br>Isa sa mga pinaniniwalaan ng mga Pilipino ang mga kuwentong kababalaghan.</td><td>Ano-ano pa ang mga kuwentong kababalaghang pinaniniwalaan ng mga Pilipino?</td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Magbabago ang tsart batay sa kung ano ang alam na ng mga mag-aaral at kung ano ang gusto pa nilang malaman. Maaaring magkakaiba ang alam ng mga bata dahil</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| Ilang sa mga kuwentong kababalaghan ay ang tungkol sa sumusunod:<br><br>✓ tiyanak<br>✓ tikbalang<br>✓ sanselmo<br>✓ kumakatok<br>✓ kapre<br>✓ duwende<br>✓ babaylan<br>✓ aswang<br>✓ aghoy<br>Ayon sa mga kuwento, may mga taong nagkakasakit o nagkakaproblema dahil sa kagagawan ng mga kakaibang nilalang.<br>Ang albularyo ay nakapagpapagaling sa mga taong nagkakasakit dahil sa kagagawan ng mga kakaibang nilalang. | | |

Sabihin na kabilang sa mga kuwentong kababalaghan ang mga multo. Naniniwala ang maraming Pilipino sa kaluluwang humihiwalay sa katawan ng tao kapag siya ay namatay. Ito raw ang nagmumulto o nagpaparamdam sa mga taong nabubuhay pa.

Bilang gawaing pantahanan ng mga bata, ipabasa ang isang kuwentong *Nagmulto Nga Ba Si Mang Rizal* na makikita sa https://rb.gy/qckilc

**1. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**BAHAGI A. Oo-Hindi-Maaari-Bakit:** Basahin ang bawat pangungusap at sagutin ng *Oo, Hindi, o Maaari* ang tanong sa ibaba nito. Ipaliwanag kung bakit ganyan ang sagot mo. Pagkatapos, magbigay ng isang salitang maaaring maging katumbas ng salitang may salungguhit.

1. Naging malubha ang kaniyang sakit kaya siya namatay. Simple lang kaya ang kaniyang naging sakit?
2. Kailangan nating alagaan ang ating mga bato sa pamamagitan ng pag-inom ng sapat na dami ng tubig. Ang mga bato ba ay ang nakikita sa mga bakuran o ilog?
3. Nag-umpukan ang mga tao sa kanto upang tingnan ang aksidente. Iba-iba ba ang pinuntahan ng mga tao?
2. Inilagay niya ang kaniyang gamit sa isang maleta at naglakbay. Ang maleta ba ay

magkakaiba ang kanilang mga nabasa, narinig, o napanood.

Ang mga mungkahing gawain sa Pagkuha ng Dating Kaalaman at Paglalahad ng Layunin ay inaasahang matamo sa loob ng isang sesyon kung kayat iminumungkahing pasimulan na ang pagbabasa ng akda bilang gawaing pantahanan.

Kung ipababasa ang kuwentong Nagmulto Nga Ba Si Mang Rizal bilang gawaing pantahanan, isama sa paglinang ng bokabularyo ang bahagi A. Kung hindi naman, simulan na lang sa bahagi B.4

| | | |
|---|---|---|
| | maliit lang?<br>3. Bilin ni Nanay na bago magtakip-silim ay nakauwi na kami sa bahay. Nagiging mas maliwanag ba ang paligid kapag takip-silim na?<br>4. Nagkaroon ng manas ang kaniyang katawan dahil sa tubig. Mas naging payat ba kaysa sa dati ang itsura ng may manas?<br><br>**BAHAGI B. Ano Ang Kahulugan ng Salita?:** Bigyan ng kahulugan ang salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap.<br><br>1. Walang pang koryente noon. Gasera lang ang ilaw nina Manuel.<br>2. Sinabi ng isang kamag-anak na mamamasyal ang kaluluwa ni Mang Rizal sa tatlong magkakasunod na gabi pagkatapos ng libing.<br>3. Narinig na ni Manuel ang mga yapak na parang may naglalakad nang papalayo at pagkatapos ay papalapit na naman. Dinig na dinig ni Manuel ang mga lagapak ng tsinelas at ang mga ito ay karaniwang naririnig ni Manuel noon sa tuwing naglalakad ang kaniyang tatay.<br>4. May nagwalis at nakikita pa ang bakas ng walis-tingting sa lupa.<br>5. Ginagawa ng mga Ilokano ang pagtatahip ng bigas upang mapaghiwalay ang mga butil at ipa. Inilalagay ang bigas sa malaking bilao at iginagalaw nang pataas at pababa ang bigas upang maihiwalay ang mga ipang nakahalo. | Talakayin ang kahulugan ng mga salita. Maaaring magpakita ng mga larawan, tunay na bagay o aksiyon kung kailangan.<br><br>Maaaring ipakita ang larawan ng pagtatahip na nasa https://rb.gy/geq511 |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br>**KONSEPTO 1: PAGBABASA NG KUWENTONG KABABALAGHAN**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Tatlong Gabi Pagkatapos Mailibing si Mang Rizal**<br>(Isang Kuwentong Kababalaghan)<br>Isinalaysay ni Manuel De Guzman at Isinulat ni Lilybeth C. Agno<br><br>Ang kuwentong ito ay Ito ay nangyari sa Barangay Balacad, Lungsod ng Laoag sa probinsiya ng Ilocos Norte. Sampung taong gulang pa lamang si Manuel noon. Nagkasakit nang malubha ang kaniyang tatay na si Mang Rizal kaya siya ay namatay. Sa kaniyang burol, may nagsabing mamamasyal ang kaluluwa ng Mang Rizal sa tatlong magkakasunod na gabi matapos itong mailibing.<br><br>Sa unang gabi pagkatapos ng libing, ang mag-iina lang ang naiwan sa bahay. Walang nakapuntang kamag-anak nila dahil abala sila sa pagtatanim ng bawang. Sa gabi kasi nagtatanim ng bawang ang mga tagaroon noon dahil masyadong mainit kapag araw. | |

Walang pang koryente noon. Gasera lang ang ilaw nina Manuel. Nakahanda nang matulog ang mag-iina kaya humiga na sila. Naalala nila ang sinabi ng isang kamag-anak na mamamasyal ang kaluluwa ni Mang Rizal sa tatlong magkakasunod na gabi pagkatapos ng libing. Hinintay ng mag-iina ang pagdalaw ng kaluluwa niya. Hanggang sa nakatulog na ang magkakapatid. Nang tumunog ang orasan para sa alas-tres o ikatlong oras ng madaling araw, naramdaman daw ng nanay ni Manuel na may paikot-ikot na naglalakad sa kanilang bakuran.

"Boy, (tawag ni Aling Trining kay Manuel), gumising ka," pabulong siya. Si Manuel ang unang anak ni Aling Trining at mayroon nang mas sapat na pang-iisip kaysa sa mga kapatid niya.

"Bakit po?" nakapikit pa rin si Manuel.
"Pakiramdaman mo," mahinang sinabi ng kaniyang nanay.
"Wala naman, Nay," sagot ni Manuel.

Walang ano-ano, narinig na ni Manuel ang mga yapak na parang may naglalakad nang papalayo at pagkatapos ay papalapit na naman. Dinig na dinig ni Manuel ang mga lagapak ng tsinelas at ang mga ito ay karaniwang naririnig ni Manuel noon sa tuwing naglalakad ang kaniyang tatay. "Naku po! Nandiyan na yata si Tatay", nanginginig na sa takot si Manuel.

"Huwag kang matakot," sabi ng kaniyang nanay. Maya-maya pa, may naamoy silang kandila.

"Ay!" sigaw ni Manuel. Bigla siyang nagkumot. Pati ang kaniyang nanay ay nagkumot na rin sa takot.

Sa ikalawang gabi, nag-imbita si Aling Trining ng mga bata. Ipinagluto niya sila ng kakanin at pinatulog sa bahay nila upang may kasama sila.

Alas-tres na naman ng madaling araw. Narinig ni Aling Trining na may nagwawalis sa kanilang bakuran. Ginising niya sina Manuel at ang kaniyang mga kapatid. Narinig nilang mag-iina na may nagwawalis nga sa kanilang bakuran.

"Sino ang magwawalis sa bakuran sa alas-tres ng madaling araw? Walang ilaw sa labas. Makikita kaya niya ang winawalisan niya?" wika ni Manuel sa kaniyang sarili.

Hindi na nakatulog ang mag-iina dahil sa takot. Kinabukasan, lumabas si Aling Trining at nakita niyang napakalinis ng kanilang bakuran. May nagwalis at nakikita pa ang bakas ng walis-tingting sa lupa. Naibalita sa buong lugar ang nangyari. Lalong naniwala ang mga tao na ang kaluluwa ng isang namatay ay namamasyal.

Sa pangatlong gabi, hindi na bumalik ang mga bata. Maagang natulog ang magkakapatid. Hindi raw makatulog ang kanilang nanay dahil iniisip na baka mamamasyal uli ang kanilang tatay dahil pangatlong gabi pa lang pagkatapos siyang mailibing. Naidlip daw ang kaniyang nanay. Tumunog ang orasan para sa alas-tres ng madaling araw. Nagising ang mag-iina sa amoy ng kandila. Pagkatapos, nakarinig sila ng nagtatahip ng bigas. (Ginagawa ng mga Ilokano ang pagtatahip ng bigas upang mapaghiwalay ang mga butil at ipa. Inilalagay ang bigas sa malaking bilao at iginagalaw nang pataas at pababa ang bigas upang maihiwalay ang mga ipang nakahalo.) Dinig na dinig ng mag-iina ang estilo ni Mang Rizal sa pagtahip, na para bang may ritmo pa itong sinusunod. Wala itong ipinag-iba sa dati niyang ginagawa noong buhay pa siya.

Kinabukasan, nakita ng mag-iina na napakaraming ipa sa kusina at natahipan na ang kanilang bigas. May mga tumilapon ding pegpeg. Ito ang tawag sa nadurog na bigas at natatanggal sa pamamagitan ng pagtatahip. Nagtaka si Aling Trining dahil hindi naman dinala ng mga langngam ang mga pegpeg.

"May nagtahip nga!" wika ni Manuel. "Totoo nga kaya na nagmumulto ang aking tatay?"

Hindi nakakalimutan ni Manuel ang mga kababalaghang naranasan ng kaniyang pamilya sa pagkamatay ng kaniyang tatay. Sa kaniyang pagbibinata, sinikap niyang pag-aralan ang tungkol sa kalagayan ng mga patay. Ang kaniyang mga tanong ay nasagot matapos niyang pag-aralan nang mabuti ang Bibliya, ang Banal na Kasulatan ng mga Kristiyano.

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**ISTORYAHAY:**

Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Hayaang magkuwentuhan sa kanilang pangkat ang mga bata tungkol sa mga pangyayaring naganap sa tatlong magkakasunod na gabi pagkatapos mailibing si Mang Rizal. Dapat ay makapagbahagi ang bawat miyembro. Hikayatin ang bawat isa upang makinig at magbigay-payo, komento, mungkahi, o anomang reaksiyon sa kamag-aral. Matapos ang pangkatang kuwentuhan, tumawag ng isang miyembro ng bawat pangkat upang isalaysay nang maayos ang mga pangyayari sa isang tiyak na gabing naibigay sa kanilang grupo.

- Unang Pangkat – Unang gabi
- Ikalawang Pangkat – Ikalawang gabi
- Ikatlong Pangkat – Ikatlong gabi

Iproseso ang naging gawain.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Pagbibigay ng Opinyon at Reaksiyon

1. Ipabasa ang paliwanag ni Manuel tungkol sa pagkamatay ng isang tao ayon sa paniniwala ng ilang Kristiyano. Ito ay makukuha sa https://rb.gy/gfzp6b Maaaring ibigay ito bilang takdang-aralin at babasahin ng mga bata sa kanilang bahay.
2. Ilahad din ang paniniwala ng iba pang relihiyon tungkol sa kalagayan ng isang patay.
3. Tanungin ang opinyon o reaksiyon ng mga mag-aaral tungkol sa mga napanood o narinig. Hikayating iugnay ng mga bata ang anomang bahagi ng akda sa kanilang sariling karanasan, kung mayroon man.
4. Bigyang-diin ang pagrespeto sa paniniwala ng iba.

**KONSEPTO 2: PASALITANG PAGKUKUWENTO**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

1. Magpanood ng isang bidyo ng isang pasalitang pagkukuwento. Ipatala sa mga mag-aaral ang mga naobserbahan nila tungkol dito. I-download ang video sa https://youtu.be/TGvnSwyZArg
2. Magsagawa ng lektura at pagtalakay tungkol sa pasalitang pagkukuwento. Gumamit ng *powerpoint presentation* o tsart kung maaari.

**Ang Pasalitang Pagkukuwento**

Ang isang kuwento ay maaaring ibahagi sa iba sa pamamagitan ng ilang paraan – pagsusulat o pasalita. Isang paraang pasalita ay ang pagkukuwento.

Maraming pakinabang ang pagkukuwento. Ito ay nakapagpapalinang ng pag-iisip, nakapagtuturo, nakaaaliw, nakapagpapalawak ng talasalitaan, nakapagpapayaman ng karanasan, at nakapagbibigay ng aral. Ang pagkukuwento ay ginagamit sa pagtuturo sa paaralan, sa simbahan, o sa bahay. Ginagamit ito ng mga magulang, guro, o lider upang aliwin o turuan ang mga bata.

Ang ganda ng isang pagkukuwento ay nasa tagapagkuwento. Dahil mahalaga ang mahusay na pagkukuwento, mahalaga ring matuto ka kung paano gawin ito.

Ang mga sumusunod ay mahahalagang sangkap ng mahusay na pasalitang pagkukuwento:

Angkop na Kuwento – kawili-wili at angkop na paksa para sa mga tagapakinig

1. Ganap na Kaalaman – tamang impormasyon at wastong pagkasunod-sunod ng mga pangyayari
2. Akmang Tinig – angkop na lakas, hina, at laki ng tinig, taas ng tono, at bigkas ng mga salita
3. Tamang Ekspresyon ng Mukha – tamang hitsura ng mga mata at kilay, noo, at bibig
4. Angkop na Kilos – akmang kumpas ng kamay, galaw ng ulo at balikat, hakbang ng paa, at iba pang kilos ng katawan




2. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipanood sa bawat mag-aaral ang kanya-kaniyang bidyo sa ginawang pagkukuwento sa nagdaang araw. Ipasuri ang paraan ng pagkukuwento nila. Pag-usapan kung paano mapapabuti ang kanilang pagkukuwento batay sa mga napag-aralang paraan. Imodelo ang mahusay na pasalitang pagkukuwento.

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**
   Pumili ng ilang mag-aaral at ipakuwento ang alinman sa mga nabasa o narinig nilang kuwentong kababalaghan na sinusunod ang mga napag-aralang alituntunin. (Inaasahang alam na ng mga bata ang kuwento dahil naibigay bilang gawaing pantahanan nila ito). Ipaalala ang mga elemento sa mahusay na pagkukuwento.

   Ibigay ang mga puna sa pagkukuwentong ginawa ng mga bata.

**KONSEPTO 3: PANG-URING PAMILANG NA PANUNURAN**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

a. Balikan ang konsepto ng pang-uri (naglalarawan sa pangngalan o panghalip). Pag-usapan ang dalawang uri ng pang-uri.




b. Ituro ang mga pang-uring pamilang na panunuran sa pamaraang pabuod.

✓ Humalaw ng mga halimbawang pahayag mula sa akdang Tatlong Gabi Pagkatapos Mailibing si Mang Rizal kagaya ng sumusunod:

Sa unang **gabi** pagkatapos ng libing, ang mag-iina lang ang naiwan sa bahay.
Tumunog ang orasan para sa alas-tres o ikatlong **oras** ng madaling araw.
Si Manuel ang unang **anak** ni Aling Trining.
Sa ikalawang **gabi**, nag-imbita si Aling Trining ng mga bata.
Sa pangatlong **gabi**, hindi na bumalik ang mga bata.

✓ Ipatukoy ang mga pangngalan sa mga pangungusap.
✓ Itanong: Ano-anong pangalan ang inilalarawan ng pang-uring pamilang?
✓ Ipakilatis ang mga pamilang na una, ikatlo, ikalawa. Itanong kung ano ang isinasaad ng mga ito (pagkasunod-sunod ng tao, bagay, at iba pa)
✓ Upang hindi makalimutan, pag-usapan ang pagkakabuo ng katawagang panunuran (pa+sunod+an) at ang pagbabagong morpoponemikong pinagdaanan ng salita.
✓ Ipatukoy ang mga panlaping ginagamit sa mga pamilang na panunuran at ang dalawang anyo ng mga ito:

| **Anyong Ika-** | **Anyong Pang-** |
|---|---|
| Una | pang-una |
| ikalawa | pangalawa |
| ikatlo | pangatlo |
| ikaapat | pang-apat |
| ikaisang daan | pang-isang daan |

✓ Ipaunawa na ang panlaping pang ay maaaring magbagong-anyo sa mga alomorp nitong pan o pam, dahil sa ponemang kasunod nito.

Pang + a/e/i/o/u/g/h/k/w
Hal.: pang-apat; pangwalo; pangatlo
Pan + d/l/n/r/s/t
Hal.: panlima; panlabing-anim; pansampu
Pam + b/m/

Hal.: pampito

- ✓ Bigyang-pansin din ang wastong pagbabaybay sa mga pamilang na panunuran, lalo na sa paggamit ng gitling.
  Batay sa Ortograpiyang Pambansa, ginagamit lang ang gitling sa tabi ng panlaping ika at pang (o mga anyo nitong pan o pam) kung ang ikinakabit dito ay simbolo ng numero (1, 2, 3… at iba pa).

Mga Halimbawa:
TAMA: Sa ikasiyam / pansiyam na araw ng pagkamatay ng isang tao, isinasagawa ng pamilya ang padasal para sa namatay.
TAMA: ika-9 na araw / pang-9
MALI: ika-siyam na araw / pan-siyam
MALI: ika siyam na araw / pan siyam
MALI: ika 9 na araw
TAMA: Ang mga Ilokano ay nagsasagawa ng Umras sa pang-apatnapung araw ng pagkamatay ng isang tao kung saan isinasagawa ang padasal, pagluluto ng mga kakanin at iba pang pagkain, salusalo ng mga magkakamag-anak at kaibigan, gayundin ang pag-aalay ng mga pagkain para sa namatay.
TAMA: pang-40
MALI: pang apatnapung
MALI: pang 40

Ang gitling ay ginagamit din sa mga pamilang na may panlaping pang (o ang anyo nitong pan o pam) kung ang sumusunod na titik sa panlapi ay nagsisimula sa patinig (a, e, i, o, u).

TAMA: pang-apat
TAMA: pang-4
MAMI: pang apat
MALI: pang 4

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Salungguhitan ang mga pang-uring pamilang na panunurang ginamit sa loob ng teksto.

**Si Regine**

Ang unang naging matalik kong kaibigan na si Regine ay nagkasakit ng dengue at binawian ng buhay. Siya ang pang-apat na anak sa pamilya. Lubos na nalungkot ang kaniyang mga magulang at ang kaniyang mga kapatid, lalo na si Bing, ang ikalawa sa huling kapatid niya. Sila ang kasi ang palaging magkasama at magkalaro. Kaya palagi siyang umiiyak mula sa unang araw hanggang sa huling araw ng lamay ng kaniyang ate. Sa araw ng libing, narinig niya sa

| | | |
|---|---|---|
| | simbahan na hindi sila dapat na mawalan ng pag-asa o malungkot dahil darating ang araw na sila'y magsasama-samang muli bilang isang buong pamilya.<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Sagutin ang tanong sa isang buong pangungusap. Gamitin ang pang-uring pamilang na panunuran upang ilarawan ang isang pangngalan. Salungguhitan ang pang-uring pamilang na panunuran at bilugan ang inilalarawan nito.<br>Kailan 'yong unang beses mong nakarinig, nakapanood, o nakabasa ng tungkol sa multo?<br>1. Kailan ipinagdiriwang ng mga Pilipino ang Araw ng mga Patay?<br>2. Sa anong araw ng pagkamatay ng isang tao isinasagawa ng mga Pilipino ang kanilang mga tradisyon para sa namatay?<br>3. Ano ang huling ginagawa mo bago matulog upang hindi ka matatakot sa mga multo?<br>4. Sino sa mga kapatid o kasapi ng pamilya mo ang matatakutin kapag may namatay? | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Ipabuo ang A-G-N Tsart mula sa mga napag-aralan o napagnilayan ng mga mag-aaral. | Maaaring dagdagan pa ito batay sa naranasan ng mga bata sa linggong ito. Halimbawa, ang nasaliksik nila o nalaman mula sa pagtatanong. |

| A-ALAM KO | G-GUSTO KONG MALAMAN | N-NALAMAN KO |
|---|---|---|
| Bahagi ng buhay ng mga Pilipino ang mga paniniwala.<br><br>Isa sa mga pinaniniwalaan ng mga Pilipino ang mga kuwentong kababalaghan.<br><br>Ilang sa mga kuwentong kababalaghan ay ang tungkol sa mga sumusunod:<br>✓ tiyanak<br>✓ tikbalang<br>✓ sanselmo<br>✓ kumakatok<br>✓ kapre<br>✓ duwende<br>✓ babaylan<br>✓ aswang<br>✓ aghoy | Ano-ano pa ang kuwentong kababalaghang pinaniniwalaan ng mga Pilipino? | Ang mga kuwento tungkol sa multo ay bahagi rin ng mga kababalaghang pinaniniwalaan ng ilang Pilipino.<br><br>May mga Pilipinong hindi naniniwala na ang isang namatay ay nagmumulto. Ang pagmumulto daw ay gawa ng mga masamang espiritu.<br><br>Maraming tradisyon ang mga Pilipino kaugnay ng |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Ayon sa mga kuwento, may mga taong nagkakasakit o nagkakaproblema dahil sa kagagawan ng mga kakaibang nilalang.<br><br>Ang albularyo ay nakapagpapagaling sa mga taong nagkakasakit dahil sa kagagawan ng mga kakaibang nilalang. | | pagkamatay ng isnag tao. |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

Ipabuo ang talaan.

| | | |
|---|---|---|
| Ano ang iyong.. | karanasan tungkol sa pagkamatay ng isang taong malapit sa iyo? | |
| | naramdaman sa karanasang ito? | |
| | ginagawa upang hindi ka masyadong malungkot sa karanasan mong ito? | |
| | naramdaman mo habang binabasa o pinakikinggan o pinanonood ang karanasan ng iba tungkol sa multo? | |
| | gagawin matapos mong maranasan ang ganitong kababalaghan? | |
| | gagawin matapos mong malaman ang ganitong kababalaghang nangyari sa iba? | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **B. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>Naranasan mo na bang matakot sa multo subalit nalabanan mo rin ito? Ano-ano ang ginawa mo? Isalaysay ang iyong naging karanasan. Gamiting gabay ang mga tanong na naibigay para sa bawat bahagi ng iyong kuwento. Isulat muna sa patlang ang iyong sagot para sa bawat bahagi. Pagkatapos, pagsama-samahin ang mga ito sa isang sulatin. Ang bawat bahagi ng kuwento mo ay isulat mo sa isang talata (isang talata para sa simula, isa para sa gitna, at isa para sa wakas).<br><br>**Simula**:<br>Kailan ito nangyari? ______________________________<br><br>Saan ito nangyari? ______________________________<br><br>Bakit ka nakaramdam ng takot? ______________________<br><br>**Gitna:** | |

Paano mo nilabanan ang takot?

Isalaysay nang maayos ang magkasunod-sunod na ginawa mo. Gumamit ng mga pang-uring pamilang na panunuran.

Ano ang unang ginawa mo? Gamitin sa iyong pangungusap ang angkop na pang-uring pamilang na panunuran. Baybayin ito nang tama. Isalaysay din nang maayos ang iyong ginawa.

______________________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________________
_________________________________________________________________________

Ano pa ang ginawa mo? Gamitin sa iyong pangungusap ang angkop na pang-uring pamilang na panunuran na may panlaping ika-. Baybayin ito nang tama. Isalaysay din nang maayos ang iyong ginawa.

______________________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________________
_________________________________________________________________________

Ano pa ang ginawa mo? Gamitin sa iyong pangungusap ang angkop na pang-uring pamilang na panunuran na may panlaping pang- Baybayin ito nang tama. Isalaysay din nang maayos ang iyong ginawa.

______________________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________________
_________________________________________________________________________

Ano ang huling ginawa mo? Gamitin sa iyong pangungusap ang angkop na pang-uring pamilang na panunuran. Baybayin ito nang tama. Isalaysay din nang maayos ang iyong ginawa.

______________________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________________
_________________________________________________________________________

**Wakas**:
Ano ang naramdaman mo pagkatapos at ano ang maipapayo mo sa mga batang tulad mo na natatakot din sa multo?

______________________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________________
_________________________________________________________________________

**Rubrik sa Pagpupunto**

**C. Gawaing Pantahanan/Takdang Aralin**

a. Sa unang araw, matapos maisagawa ang Pagkuha ng Dating Kaalaman at Paglalahad ng

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">Layunin, ipabasa ang unang bahagi ng karanasan ni Manuel tungkol sa multo na pinamagatang Nagmulto Nga Ba Si Mang Rizal? Ito ay makukuha sa  Ang kopya ay maaaring makuha sa https://rb.gy/kck2mk<br>b. Magtanong sa mga magulang o mga kakilala ng tungkol sa iba pang kuwentong kababalaghan. Maaari ring magsaliksik sa internet (Wattpad o Youtube).  Itala ang mga bahagi at detalye ng isang nagustuhan mong kuwento at isalaysay ito sa klase. Gamitin ang mga angkop na di-berbal na hudyat sa iyong pagpapahayag. Subukan ding gumamit ng mga pamilang na panunuran.</td>
<td>(Tingnan ang sagutang papel para sa rubriks na gagawin para sa aktibidad na ito.)</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">D. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>E. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | | pagkuha ng mga insight ng guro. |